# Mga Aktibidad

## sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*

***Para sa home evening o pag-aaral ng mga banal na kasulatan—o para lang sa paglilibang!***

Hulyo 1–7

### Sining Tungkol sa Plano ng Kaligayahan

PARA SA ALMA 17–22

Kapwa nagturo sina Aaron at Ammon tungkol sa plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit. Tinawag nila itong plano ng pagtubos (tingnan sa Alma 18:36–39 at Alma 22). Buklatin sa pahina 12 para makagawa ng sarili mong sining tungkol sa plano ng kaligayahan.

**Para sa mas maliliit na bata:** Maghanap ng larawan ng iyong anak noong sanggol pa siya. Bigyang-diin ang mga paraan ng paglaki nila magmula noong sanggol pa sila! Pagkatapos ay pag-usapan kung paano tayo narito sa lupa upang umunlad bilang bahagi ng plano ng Ama sa Langit.





Hulyo 8–14

### Mga Kasangkapan sa mga Kamay ng Diyos

PARA SA ALMA 23–29

Sinabi ni Ammon sa kanyang mga kapatid, "Tayo ay naging mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos upang maisagawa ang dakilang gawaing ito" (Alma 26:3). Magtipon ng mga bagay na magagamit mo para makagawa ng musika. Pagkatapos ay bumuo ng mga beat o ritmo at awitin. Tulad ng paggamit natin ng mga kasangkapan sa pagbuo ng musika, magagamit tayo ng Diyos para makatulong sa pagtatayo ng Simbahan ni Jesucristo.

**Para sa mas maliliit na bata:** Gumawa ng simpleng obstacle course. Magpraktis sa pagdaan dito! Pagkatapos ay alisin ang mga balakid at subukang muli. Ipaliwanag kung paano inalis ng Hari ng mga Lamanita ang mga balakid nang naisin ni Ammon at ng kanyang mga kapatid na ituro ang ebanghelyo sa kanyang lupain (Alma 23:3).

Hulyo 15–21

### Paalala sa mga Musical Chair

PARA SA ALMA 30–31

Itinuro ni Alma na "lahat ng bagay ay nagpapatunay na may Diyos" (Alma 30:44). Ibig sabihin ay maipapaalala sa atin ng lahat ng nilikha ng Diyos ang tungkol sa Kanya. Maglagay ng mga upuan sa isang bilog na may sapat na upuan para sa lahat maliban sa isang tao. Sabihin sa isang tao na magpatugtog ng musika at piliin kung kailan ito ihihinto. Kapag tumigil ang musika, lahat ay uupo sa silya. Ang taong walang upuan ay magsasabi ng isang bagay na nagpapaalala sa kanila sa Diyos. Magpatuloy hanggang sa magkaroon ng pagkakataon ang lahat.

**Para sa mas maliliit na bata:** Maglakad-lakad sa inyong tahanan o sa labas. Maghanap ng mga bagay na tutulong sa iyo na maging masaya at magpapaalala sa iyo tungkol sa Ama sa Langit.



MGA PAGLALARAWAN NI KATY DOCKRILL



Hulyo 22–28

### Pagpapalago ng Iyong Patotoo

PARA SA ALMA 32–35

Itinuro ni Alma na kapag nakikinig ka sa salita ng Diyos at gumagawa ng mga bagay para ipakita ang iyong pananampalataya, lalago ang iyong patotoo, tulad ng isang puno (tingnan sa Alma 32:37). Magdrowing ng mga bagay na magagawa mo para matulungang lumago ang isang puno, tulad ng pagdidilig sa puno at pagtapat nito sa sikat ng araw. Pagkatapos ay magdrowing ng mga bagay na magagawa mo para matulungang lumago ang iyong patotoo, tulad ng pagsisimba at pagdarasal.

**Para sa mas maliliit na bata:** Kantahin ang "Pananalig" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 50). Habang kumakanta kayo, gumawa ng mga galaw para magpakita ng isang binhing lumalaki at tumataas. Banggitin ang tungkol sa pagpapalago ng iyong patotoo.